

## Baitang 2 ng Mga Pagpapagaan sa

BINAGO 1/18/2021

Ang Baitang 2 ng mga pagpapagaan ay maaaring mailapat sa mga rehiyon na nakakaranas ng isang matagal na muling pagkabuhay ng COVID-19 o mga rehiyon na nasasailalim sa mas mahigpit na Baitang 3 ng mga pagpapagaan ngunit hindi pa nakakamit ang mga sukatan na nagpapahintulot sa isang pagpapatuloy sa alinman ng mga aktibidad ng Baitang 1 o Ikaapat na Yugto ng Pagpapanumbalik sa Illinois. Kung ang isang rehiyon ay muling makaranas ng isang matagal na muling pagkabuhay ng COVID-19 na may Baitang 2 ng pagpapagaan sa lugar, ang isang pagbabalik sa mahigpit na mga hakbangin ay maaaring kailanganin upang mapigilan ang karagdagang pagkalat. **Ang Baitang 2 ay kinabibilangan ng sumusunod na mga pagpapagaan:**

SETTING	MGA KINAKAILANGAN SA PAGPAPAGAAN
<p><b>Mga inuman at Mga restawran:</b></p> <p><b>Mga pagpupulong, mga panlipunang pangyayari at mga pagtitipon</b> (kabilang ang mga kasal, libing, pagbabaon, mga lunduyan ng bahay-tuluyan, atbp.)</p>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Ang mga inuman at restawran ay magsasara tuwing 11 ng gabi at maaaring muling magbukas nang hindi mas maaga sa 6 ng umaga sa susunod na araw</li> <li>• Walang panloob na serbisyo</li> <li>• Lahat ng mga parokyano ng inuman at restawran ay dapat na nakaupo sa mga mesa sa labas</li> <li>• Walang pag-order, pag-upo, o pagtitipon sa inuman (dapat alisin ang mga upuan)</li> <li>• Ang mga mesa ay dapat may pagitan ng 6 na talampakan</li> <li>• Walang nakatayo o pagtitipon sa loob ng bahay o labas habang naghihintay para sa isang mesa o paglabas</li> <li>• Walang sayawan o nakatayo sa loob</li> <li>• Walang mga lamesa na lumalagpas sa 6 na tao</li> <li>• Ang pagrereserba ay kinakailangan para sa bawat pangkat</li> <li>• Walang upuan ng maraming mga partido sa isang mesa</li> <li>• Kabilang ang mga pribadong klab at mga country club</li> <li>• Limitado sa 10 na mga bisita sa kapwa panloob at panlabas na lugar             <ul style="list-style-type: none"> <li>• Naaangkop sa mga pagtitipon ng propesyonal, pangkultura at panlipunan.</li> <li>• Hindi naaangkop sa mga mag-aaral na nakikilahok sa personal na pag-aaral sa silid-aralan, o palakasan.</li> <li>• Hindi nito binabawasan ang pangkalahatang kapasidad ng pasilidad na idinidikta ng pangkalahatang patnubay sa negosyo sa Ikaapat na Yugto tulad ng opisina, pangangalaga sa sarili, tingi, atbp.</li> </ul> </li> <li>• Ang pag-upo sa silid ng hotel ay dapat na limitado sa mga rehistradong bisita lamang, na may pinakamataas na pagitan na bilang ng mga indibidwal na pinahihintulutan sa bawat alintuntunin sa apoy na naaangkop sa bawat silid ng panauhin</li> <li>• Ang mga lunduyang pangkalusugan ng bahay-tuluyan ay dapat na sarado, o patakbuhan lamang sa isang modelo ng pagpapareserba na may kapasidad na limitado sa 25% ng silid</li> <li>• Walang mga party bus</li> </ul>
<p><b>Organisadong pangkatang aktibidad ng libangan</b>(kabilang ang</p>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Limitahan ang mga pasilidad ng libangan at palaro sa mas kaunti sa 25 na mga bisita o 25% ng kabuuang kapasidad sa loob at labas</li> </ul>

mga palaro at mga lunduyang pangkalusugan)

- Walang mga pangkat na higit sa 10, kabilang ang mga klase sa pangkalusugan, ngunit maraming pangkat ang pinapayagan kung pinaghihiwalay ng mga hindi nasisirang hadlang at nasa loob ng pangkalahatang mga limitasyon sa kapasidad ng pasilidad
- Ang mga pantakip sa mukha ay dapat na isuot sa lahat ng oras sa mga lunduyang pangkalusugan, kabilang kung habang nakikibahagi sa indibidwal na ehersisyo anuman ang espasyo sa pagitan ng tao o makina
- Dapat sundin ng palakasan ang mga hakbang sa pagpapagaan na nakalagay sa Winter Update sa Mga Alituntunin sa Lahat ng Palakasan, na naglalahad ng naaangkop na antas ng kasanayan at kumpetisyon batay sa indibidwal na panganib sa palaro
- Mga Panlabas na Aktibidad (hindi kasama sa mga setting sa pagkakalantad sa itaas) magpatuloy sa bawat kasalukuyang gabay sa DCEO

Bilang karagdagan, inirerekumenda ng IDPH ang mga sumusunod na pagkilos na gawin:

- Magpakita ng mga palatandaan para sa pagsusuot ng mga antipas at pagpapanatili ng pagitan sa bawat tao
- Huwag hikayatin ang hindi mahahalagang paglalakbay sa ibang mga estado at internasyunal na mga lokasyon
- Huwag hikayatin ang mga pangkat na may 4 na indibidwal na may edad 12 - 17 na magtipun-tipon sa labas ng eskwelahan
- Itaguyod ang pagtatrabaho mula sa bahay kung saan posible

Ang IDPH ay magpapatuloy na subaybayan ang mga antas ng pagiging positibo upang matukoy kung ang mga pagpapagaan ay maaaring maging lundo, kung kinakailangan ng karagdagang mga pagpapagaan, o kung ang kasalukuyang pagbawas ay dapat manatili sa lugar.

- Para sa mga rehiyon na nakakaranas ng muling pagkabuhay ng COVID-19, maaaring magamit ang Baitang 2 ng mga pagpapagaan kung ang rehiyon ay napapanatili ang pagitan ng 8 at 13 porsiyento na antas ng pagiging positibo pagkatapos ng isang 14-araw na pagsubaybay sa ilalim ng Baitang 1 ng mga pagpapagaan (sinusukat sa 7-day rolling average)
- Para sa mga rehiyon na nakakaranas ng pagbagal ng pagkalat ng COVID-19, magkakaroon ng bisa ang Baitang 2 ng mga pagpapagaan kung ang isang rehiyon ay nakakatugon sa mga sumusunod na tatlong sukatan:
  - Ang antas ng pagiging positibo ay  $\geq 8\%$  at nasa ilalim ng 12 porsiyento para sa tatlong magkakasunod na araw (na sinusukat ng 7-araw na rolling average)
  - Ang pagiging lagap ng may taong intensive care unit (ICU) ay higit sa o katumbas ng 20 porsiyento sa loob ng tatlong magkakasunod na araw (sinusukat sa 7-araw na rolling average)
  - Walang napapanatiling pagtaas sa bilang ng mga pasyente ng COVID-19 sa mga ospital (sinusukat sa 7-araw na rolling average para sa 7 ng 10 araw)

*Mangyaring tingnan ang website ng Lupon ng Laro ng Illinois para sa Baitang 1 at Baitang 2 ng mga pagpapagaan para sa sugal sa kasino at video gaming.*

Sundin ang mga pinakabagong panrehiyong sukatan sa <https://dph.illinois.gov/regionmetrics>.

Para sa karagdagang impormasyon sa patnubay para sa mga negosyo, mangyaring bisitahin ang FAQ sa [website ng DCEO](#).